



Patakaran sa Pagsingil at Pagkolekta

Billing and Collection Policy (Tagalog)

Binago alinsunod sa 501(r) ng Internal Revenue Code, mabisa mula Enero 1, 2016.

Patakaran

Patakaran ng Mayo Clinic at ng mga ospital at klinikang kasapi ng Mayo Clinic ("Mayo Clinic") na isulong ang pagkolekta ng mga balanse ng pasyente mula sa mga pasyenteng may kakayahang magbayad sa mga serbisyo. Gagawa ang Mayo Clinic ng mga makatwirang pagsusumikap para kilalanin ang mga pasyenteng maaaring nararapat sa pinansyal na tulong. Ang mga pamamaraan sa pagkolekta ay pare-pareho at patas na ilalapat para sa lahat ng mga pasyente, anuman ang katayuan nila sa insurance. Lahat ng mga pamamaraan sa pagkolekta ay susunod sa mga angkop na batas at sa misyon ng Mayo Clinic. Para sa mga pasyenteng hindi makabayad sa lahat o bahagi ng kanilang bill, ang naaangkop na Patakaran sa Tulong Pinansyal o Patakaran sa Pangangalaga sa Kawanggawa ay masusunod.

Ang mga ahensiya sa pagkolekta at mga law firm ay maaaring mailista pagkatapos maubos ang lahat ng makatwirang opsyon sa pagkolekta at pagbabayad. Maaaring tumulong ang mga ahensiya na lutasin ang mga account kung saan hindi nakikipagtulungan ang mga pasyente sa pagbabayad, hindi nagsagawa ng mga angkop na pagbabayad, o hindi nais magbigay ng makatwirang pinansyal at ibang data para suportahan ang hiling nila sa pangangalaga sa kawanggawa. Itataguyod ng kawani ng ahensiya ng koleksyon at law firm ang pagiging kumpedensiyal at indibiduwal na dignidad ng bawat pasyente. Lahat ng mga ahensiya at mga law firm ay susunod sa lahat ng angkop na batas, kabilang ang mga kinakailangan ng HIPAA sa pangangasiwa ng protektadong impormasyong pangkalusugan.

Layunin

Tinataguyod ng Patakarang ito ang makatwirang pamamaraan tungkol sa pangongolekta ng mga account ng pasyente, kabilang ang mga aksyon na maaaring isagawa ng Mayo Clinic o mga kinontratang panlabas na ahensiya sa pangongolekta at mga law firm.

Saklaw

Nalalapat ang patakarang ito sa Mayo Clinic at lahat ng mga ospital at klinikang legal na kaakibat.

Mga Pahayag ng Patakaran

Mga Hindi Pangkaraniwang Aksyon sa Pagkolekta

Kabilang sa mga aksyon na maaaring isagawa ng Mayo Clinic o pahintulatang gawin ng ahensiya ng pagkolekta o law firm, na may kaugnayan sa pagkuha ng bayad ng singil sa medikal na pangangalaga ay ang sumusunod:

1. Pag-antala, pagtangi o pag-aatas ng bayad bago magbigay ng medikal na kinakailangang pangangalaga dahil sa hindi pagbayad ng isang indibiduwal ng isa o mas higit pang mga bayarin para sa naunang ibinigay na pangangalaga;
2. Mga aksyon na nangangailangan ng legal o hudisyal na proseso, kabilang ang, ngunit hindi limitado sa:
 - a. pagsisimula ng sibil na aksyon o demanda laban sa pasyente o responsableng indibiduwal;
 - b. pagkuha sa suweldo ng isang indibiduwal pagkatapos makakuha ng hatol ng hukuman;
 - c. paglakip o pagkuha ng bank account ng isang indibiduwal, iba pang personal na pag-aari, o iba pang pagpapatupad na aksyon sa paghahatol na pinahihintulutan sa ilalim ng batas ng estado pagkatapos makakuha ng hatol;
 - d. paglagay ng lien sa pag-aari ng indibiduwal pagkatapos makakuha ng hatol sa kundisyong ang paglalagay ng lien laban sa pagbawi ng personal na pinsala ng isang indibiduwal, pag-aayos, pakikipagkasundo o paghatol ay hindi itinuturing na isang hindi pangkaraniwang aksyon sa pagkolekta (ECA).

Ang paglagay ng account ng pasyente sa ahensiya ng pagkolekta ay hindi isang hindi pangkaraniwang aksyon sa pagkolekta.

Mga Makatwirang Pagsusumikap ng Kaakibat na Ospital ng Mayo Clinic upang Matukoy ang Mga Pasyente na Nararapat sa pinansyal na Tulong

Aabisuhan ng Mayo Clinic ang mga indibiduwal na ang pinansyal na tulong ay magagamit ng karapat-dapat na indibiduwal nang hindi bababa sa 30 araw bago isagawa ang mga ECA para makakuha ng bayad para sa pangangalagang ibinigay ng ospital sa pamamagitan ng paggawa ng sumusunod:

1. Magbibigay ng nakasulat na abiso sa indibiduwal na nagsasaad na ang pinansyal na tulong ay magagamit ng mga nararapat na indibiduwal, nagpapahiwatig na nilalayan ng Mayo Clinic na simulan o pasimulan ng ikatlong partido ang pagkuha ng bayad sa pangangalaga, at nagbibigay ng isang takdang panahon kung saan maaaring ituloy ang mga ECA na hindi lalagpas sa 30 araw makalipas ang petsa na nakasulat sa abisong ito;
2. Bigyan ang indibiduwal ng Payak na Wikang Buod ng Patakaran sa Tulong Pinansyal kasama ng nakasulat na abisong ito; at
3. Magsagawa ng makatwirang pagsusumikap para abisuhan ang mga indibiduwal sa pamamagitan ng salita tungkol sa patakaran sa tulong pinansyal ng ospital ng Mayo.

Panahon ng Abiso

Ang mga ECA para sa mga serbisyo ng ospital ay hindi magsisimula sa loob ng 120 araw pagkatapos ang petsa ng unang ulat ng pagsingil pagkatapos ng pag-discharge para sa angkop na medikal na kailangan o emerhensiyang pangangalagang medikal.

Panahon ng Aplikasyon sa Tulong Pinansyal

Ang panahon ng aplikasyon para sa tulong pinansyal ay magsisimula sa petsa kung kailan ang pag-aalagang medikal ay ibinigay at magtatapos 240 araw pagkatapos ang unang ulat ng pagsingil pagkatapos ng pag-discharge o 30 araw pagkatapos magbigay ang ospital o awtorisadong ikatlong partido ng nakasulat abiso ng mga ECA na binabalak ng ospital na simulan, alinman ang mahuli. Ang mga ospital na kaakibat ng Mayo Clinic ay malawakang naghahayag ng pagkakaroon ng tulong pinansyal at gumagawa ng makatwirang pagsusumikap para kilalanin ang mga indibiduwal na maaaring nararapat. Ang pamantayan sa pagiging nararapat at proseso ng aplikasyon ay nakatakda sa naaangkop na Patakaran sa Tulong Pinansyal.

Kung magsumite ang pasyente ng kumpletong aplikasyon sa tulong pinansyal ng ospital sa panahon ng aplikasyon, sususpindihin ng Mayo ang mga ECA at gagawa ng pagpapasiya sa pagiging karapat-dapat bago ipagpatuloy ang naaangkop na aktibidad ng ECA.

Pagkilala sa Mga Makatwirang Pagsusumikap na Ginawa

Bago gamitin ang mga ECA, tutukuyin n gkawani ng Revenue Cycle ng Mayo Clinic kung nagsagawa ng mga makatwirang pagsusumikap para matukoy kung ang indibiduwal ay nararapat sa tulong pinansyal. Magbibigay ang Revenue Compliance Officer ng Mayo Clinic ng pangangasiwa para matukoy ng mga ginawang makatwirang pagsusumikap.

Mga Inaasahang Pinansyal

Alinsunod sa Patakarang ito at sa Patakaran sa Tulong Pinansyal, malinaw na makikipag-ugnayan ang Mayo Clinic sa mga pasyente ang tungkol sa mga inaasahang pinansyal nang mas maaga sa appointment at proseso ng pagsingil hangga't maaari.

- Responsable ang mga pasyente sa pag-unawa sa kanilang saklaw sa insurance at sa pagbibigay ng kinakailangang dokumentasyon upang tumulong sa proseso ng pagkolekta ng insurance.
- Maaaring hilingin sa mga pasyenteng magbayad ng pre-service na deposito o tinanyang mga co-pay at maibabawas bago ang mga serbisyo (maliban sa Emergency Department at ang ibang mga agarang sitwasyon) o maaaring kolektahin ang mga halaga pagkatapos maibigay ang mga serbisyo, batay sa kasalukuyang mga kasanayan sa negosyo ng mga indibiduwal na site ng Mayo.
- Sa pangkalahatan, ang mga pasyente ay responsable sa pagbabayad ng mga sariling-bayad na balanse, kabilang ang anumang mga halagang hindi binayaran ng mga kompanya ng insurance o mga angkop na nagbabayad na ikatlong partido.
- Kung may dati nang utang o natitirang na balanse ang pasyente, or outstanding balance, maaaring humingi ang Mayo Clinic ng mga halagang dapat bayaran bago ibigay ang mga appointment sa hinaharap. Kung hindi magawa ng mga pag-sasaayos sa paglutas ng natitirang na balanse ng pasyente, maaaring limitahan o tanggihan ang hindi pang-emerhensiyang pangangalaga sa hinaharap. Maaaring kailanganin ang mga pre-service na deposito para sa mga hindi pang-emerhensiyang serbisyo.

Mga Pagkolekta ng Insurance

Papanatilihin at susunod ang Mayo Clinic sa mga patakaran at pamamaraan upang matiyak ang napapanahon at tumpak na pagsusumite ng mga kahilingan sa lahat ng mga kilalang pangunahing plano sa kalusugan o mga nagbabayad ng insurance ("Nagbabayad") na malinaw na tinukoy ng pasyente. Kung napapanahong makatanggap ang Mayo Clinic mula sa pasyente ng kumpleto at tumpak na impormasyon tungkol sa Nagbabayad ngunit hindi napapanahong nagsumite ng isang kahilingan sa Nagbabayad at tinanggihan ng Nagbabayad ang kahilingan batay sa hindi napapanahong paghain, mananagot lang ang pasyente para sa halaga na nararapat bayaran ng pasyente kung binayaran ng Nagbabayad ang kahilingan. Subalit, kung matukoy ng Mayo Clinic na napapanahon itong paghain ng mga kahilingan o nagbigay ng mali o hindi kumpletong impormasyon, ang pasyente ang mananagot. Ang insurance sa pananagutan ay hindi saklaw ng mga probisyong ito sa Pagkolekta ng Insurance.

Hindi dapat sumangguni ang Mayo Clinic ng anumang bayarin sa isang ikatlong partidong ahensiya ng koleksyon o abogado para sa aktibidad ng pagkolekta habang ang kahilingan para sa pagbayad ng mga serbisyo ay nakabinbin sa nakakontratang nagbabayad. Maaaring sumangguni ang Mayo Clinic ng isang bayarin sa isang ikatlong partidong ahensiya ng pagkolekta o abogado kasunod ng unang pagtanggì o hindi napapanahong na pagtanggì ng kahilingan ng Nagbabayad. Hindi isasangguni ng Mayo Clinic ang anumang bayarin sa isang ikatlong partidong ahensiya sa pagkolekta o abogado para sa aktibidad ng pangongolekta kapag ang kahilingan ay tinanggihan ng ikatlong partido na nagbabayad dahil sa pagkakamali ng Mayo Clinic at ang nasabing kamalian ay nagreresulta sa pasyente na managot sa utang kung hindi dapat sila managot. Inilalaan ng Mayo Clinic ang karapatang patunayan na may nagawang pagkakamali at kung natukoy ng Mayo Clinic na hindi ito nagkamali, maaaring managot ang pasyente. Dapat lumagda ang mga pasyente ng awtorisasyon na nagpapahintulot na singilin ng Mayo Clinic ang planong pangkalusugan ng pasyente, kompanya ng insurance o anumang iba pang nagbabayad na ikatlong partido, at dapat makipagtulungan sa Mayo Clinic sa makatwirang paraan sa pamamagitan ng pagbibigay ng hiniling na impormasyon para mapadali ang wastong pagsingil sa planong pangkalusugan ng o kompanya ng insurance pasyente.

Ginagawa ng Mayo Clinic ang lahat ng makatwirang pagtatangka na mangolekta mula sa lahat ng kilalang Nagbabayad, kung saan may kontrata ang Mayo at mga nagbabayad na walang kontrata para sa mga serbisyong ibinigay upang tulungan ang mga pasyente sa paglutas ng kanilang mga bayarin.

Paglutas ng Balanse sa Sariling Pagbayad

Magsasagawa ang Mayo ng makatwirang mga pamamaraan sa patas at hindi nagbabagong paraan para kolektahin ang mga balanse sa sariling pagbayad ng pasyente, pagpapanatili ng pagiging kumpidensiyal at dignidad ng pasyente. laalok ang tulong pinansyal sa mga pasyente na ang kita at ari-arian ay hindi nagpapahintulot ng buong pagbabayad ng mga serbisyo sa loob ng makatwirang panahon.

- Ang mga pamamaraan at daloy ng proseso sa pagkolekta ng sariling pagbayad ay sinusunod ng Mayo Clinic at dapat ay danap na sumunod sa Patakarang ito. Ang Mayo Clinic at ang mga kaakibat nito ay nakabuo ng isang streamline na proseso para sa mga pasyente na magtanong at tanggihan ang mga singil, kabilang ang isang toll-free na numero ng telepono na maaaring tawagan ng mga pasyente at address kung saan sila maaaring magpadala ng nakasulat na liham. Ang numero ng telepono at address ay nakalista sa lahat ng mga bill ng pasyente at abiso sa pagkolekta na ipinadala ng Mayo Clinic. Gagawa ang Mayo Clinic ng makatwirang pagtatangka na ibalik ang tawag na ginawa ng mga pasyente sa numerong ito sa lalong madaling panahon, ngunit hindi dapat lumagpas sa limang araw ng negosyo matapos matanggap ang tawag.
- Isasaalang-alang ng Mayo Clinic ang mga makatwirang plano sa pagbayad, tulad ng paghahati ng mga bayad sa dalawa o tatlong buwan.
- Kung may mga karagdang serbisyo at karagdang utang sa sariling bayad na balanse ang pasyente, mangangailangan ang Mayo na taasan ang kasalukuyang plano ng pagbayad ng pasyente, batay sa kakayahan ng pasyenteng magbayad.

Ahensiya ng Pagkolekta

- Ang mga ikatlong partido na ahensiya sa pagkolekta ng utang ay maaaring lamang mailista pagkatapos maubos ang lahat ng makatwirang opsyon sa pagkolekta at pagbabayad. Maaaring tumulong ang mga ahensiya na lutasin ang mga account para sa mga serbisyo kung saan hindi nakikipagtulungan ang mga pasyente sa pagbabayad, hindi nagsagawa ng mga angkop na pagbabayad, o hindi gustong magbigay ng makatwirang pinansyal at ibang data para suportahan ang hiling nila sa pangangalaga sa kawanggawa.
- Itataguyod ng kawani ng ahensiya ng pagkolekta ang pagiging kumpidensyal at indibiduwal na dignidad ng bawat pasyente. Lahat ng mga ahensiya ay tutugon sa lahat ng kinakailangan ng HIPAA para sa pangangasiwa ng protektadong impormasyong pangkalusugan.
- Kapag sinusuri ang account para sa pagsangguni sa ahensiya ng pagkolekta, kukumpirmahin ng responsableng tao na:
 - May makatwirang batayan para maniwala na may utang ang pasyente.
 - Lahat ng mga kilalang Nagbabayad ay maayos na nasingil para ang anumang natitirang utang ay pinansyal na responsibilidad ng pasyente. Kung ang pasyente ay nagpahiwatig ang kawalan ng kakayahang bayaran ang buong halaga ng utang sa isang bayaran, ang kunsiderasyon ng makatwirang plano sa pagbayad ay kailangan sa kundisyong maaaring hilingin ng Mayo Clinic sa pasyente na magbigay ng makatwirang pagpapatunay ng kawalan ng kakayahang bayaran ang buong halaga sa isang bayaran.
 - Binigyan ang pasyente ng pagkakataon oportunidad na magsumite ng aplikasyon para sa Tulong Pinansyal. Dapat bigyan ng partikular na atensiyon kapag ang pasyente ay walang insurance o kasalukuyang nasa Medikal na Tulong o ibang tulong batay sa pangangailangan.
- Kapag nagsumite ang pasyente ng kumpletong aplikasyon para sa Tulong Pinansyal matapos isangguni ang account para sa aktibidad ng pangongolekta, sususpindihin ng Mayo Clinic ang mga ECA hanggang maproseso ang aplikasyon ng pasyente at maabisuhan ang pasyente ng pagpapasiya ng Mayo Clinic.
- Ang Mayo Clinic at ang mga kasosyo nito sa ikatlong partido ay hindi nag-uulat ng utang sa medikal ng pasyente.
- Ang Mayo Clinic ay hindi nagbebenta ng natitirang utang sa medikal ng pasyente.

Legal na Aksyon

Maaaring magsagawa ang Mayo Clinic ng legal na aksyon laban sa mga pasyenteng nagtatago ng mga bayad sa insurance o nalikom sa pag-aayos na may kaugnayan sa mga serbisyon medikal, mga pasyenteng tumatangging magbayad ng singil o mukhang hindi nararapat sa tulong pinansyal o hindi nakikipagtulungan sa proseso para gawin ang pagpapasiya. Naaangkop at pinahihintulutan ang legal na follow-up at pagsisimula ng demanda sa ilalim ng sumusunod:

- Ang pahintulot na gumawa ng legal na aksyon laban sa isang pasyente para sa pagkolekta ng medikal na utang ay ibibigay sa bawat kaso.
- Hindi magsasampa ng legal na aksyon laban sa sinumang partikular na pasyente para mangolekta ng medikal na utang hanggang sa matukoy ng Mayo Clinic na:
 - May makatwirang batayan para maniwala na ang pasyente ay may utang;
 - Lahat ng mga kilalang Nagbabayad ay maayos na nasingil;
 - Kung ang pasyente ay nagpahiwatig ang kawalan ng kakayahang bayaran ang buong halaga ng utang sa isang pagbayad, Aalokin ng Mayo Clinic ang pasyente ng isang makatwirang plano sa pagbayad. Binigyan ang pasyente ng makatwirang pagkakataong magsumite ng aplikasyon para sa Tulong Pinansyal kung ang minumungkahi ng mga katotohanan at mga sirkumstansiya na maaaring nararapat ang pasyente sa Tulong Pinansyal kabilang ang, na ang pasyente ay walang insurance o naka-enroll sa Medikal na Tulong o nararapat sa ibang tulong batay sa pangangailangan.

Pagpapatupad

Patakaran ng Mayo Clinic, sa pamamagitan ng pagpapatupad ng Patakarang ito ng mga angkop na namamahalang lupon at ng Lupon ng Mga Tagapangasiwa ng Mayo Clinic, na ang Patakarang ito ay ipatutupad para sa lahat ng kawani ng koleksyon, mga ahensiya ng koleksyon at mga abogado. Ang anumang mapang-abuso, panliligalig, o mapanlinlang na pananalita o pag-uugali ng mga empleyado nito na responsable sa pagkolekta ng medikal na utang mula sa mga pasyente at mula sa mga ahensiya nito sa pagkolekta ng utang at mga abogado at kanilang mga kaukulang ahente at mga empleyado ay tutugunan sa pamamagitan ng mga pamamaraan sa pagwawasto.

Pantay na Oportunidad

Kapag gumagawa ng mga desisyon sa buong ng proseso ng pagkolekta, naninindigan ang Mayo Clinic sa pagpapatupad ng maraming batas ng pederal at estado na humahadlang sa diskriminasyon sa batayan ng lahi, kasarian, edad, relihiyon, pambansang pinagmulan, katayuan sa pag-aasawa, sekswal na oryentasyon, kapansanan, serbiyong militar o anumang klasipikasyon na protektado ng mga batas pederal, estado o lokal.

Pagiging Kompidensyal

Itataguyod ng kawani ng Mayo Clinic ang pagiging kumpidensyal at indibiduwal na dignidad ng bawat pasyente. Ang Mayo Clinic ay tutugon sa lahat ng kinakailangan ng HIPAA sa para sa pangangasiwa ng personal na impormasyong pangkalusugan.

Mga Kaugnay na Dokumento

Patakaran sa Tulong Pinansyal

Payak na Wikang Buod

Aplikasyon sa Tulong Pinansyal